

TINIG NG EDUKASYON KONTRA BISYO

by:
CRISTINE JOY C. PASCUAL
Teacher I, Kanawan Integrated School

Sa panahon ng makabagong teknolohiya at mabilis na pagbabago sa lipunan, nahaharap ang kabataan sa iba't ibang hamon at tukso. Isa na rito ang pagkalulong sa mga bisyo gaya ng paninigarilyo, pag-inom ng alak, at paggamit ng ipinagbabawal na gamot. Ang mga bisyong ito ay may potensyal na negatibong makaapekto sa kinabukasan, kalusugan ng isip, at kapakanan ng isang mag-aaral. Gayunman, sa gitna ng mga panganib na ito, may isang makapangyarihang tinig na handang umalalay at gumabay – ang tinig ng edukasyon.

Kabilang sa mga aspeto ng edukasyon ang pagkatutong magbasa, magsulat, at magbilang. Isa rin itong epektibong sandata upang hubugin ang tamang pag-uugali at asal ng mga kabataan. Sa pamamagitan ng edukasyon, naipapaliwanag sa mga mag-aaral ang masamang epekto ng bisyo hindi lamang sa kanilang sarili kundi sa kanilang pamilya at komunidad. Itinuturo sa paaralan ang kahalagahan ng malusog na pamumuhay, pag-iwas sa masasamang gawain, at ang kahalagahan ng wastong pagpapasya.

Sa mga asignaturang gaya ng Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan (EPP), Edukasyon sa Pagpapakatao (EsP), at Health, natututo ang mga mag-aaral ng mga konseptong may kaugnayan sa kalusugan, tamang asal, at mga panganib ng droga, alak, at sigarilyo. Sa mga diskusyong ito, mas lumalawak ang kaalaman ng mga bata tungkol sa masamang epekto ng bisyo—tulad ng pagkasira ng бага sa paninigarilyo, pagkabansot ng pag-iisip dulot ng droga, at pagkasira ng relasyon sa pamilya bunga ng pagkalulong sa alak.

Isa rin sa positibong epekto ng edukasyon kontra bisyo ay ang pagbibigay ng alternatibong landas para sa kabataan. Sa halip na mahulog sa masasamang gawain, nahihikayat silang paunlarin ang kanilang mga talento at kasanayan. Ang paaralan ay nagsisilbing lugar kung saan natutuklasan ng mga bata ang kanilang potensyal sa sining, musika, palakasan, o akademiko. Dito nabubuo ang tiwala sa sarili at nagkakaroon ng direksyon ang kanilang mga pangarap sa buhay.

Mahalaga rin ang papel ng mga guro bilang tagapayo at inspirasyon. Sila ang unang nagtuturo ng disiplina, tamang pag-uugali, at pagpapahalaga sa sarili. Sa mga homeroom sessions, values formation programs, at anti-drug campaigns na ipinatutupad ng Department of Education (DepEd), nabibigyan ang mga mag-aaral ng mga konkretong hakbang kung paano umiwas sa bisyo. Nagkakaroon sila ng lakas ng loob upang tumanggi sa masasamang impluwensiya at pumili ng tamang desisyon.

Sa mga seminar na isinasagawa sa tulong ng mga ahensya gaya ng Dangerous Drugs Board (DDB) at Department of Health (DOH), mas naiintindihan ng mga mag-aaral ang mga legal at medikal na epekto ng paggamit ng droga at iba pang bisyo. Dahil dito, mas napagtitibay ang kanilang paninindigan laban sa masasamang gawain.

Ang isa pang bentahe ng edukasyon ay ang pagtatatag ng isang ligtas na komunidad ng paaralan. Nasa mas ligtas na kapaligiran ang mga bata kapag ang mga tagapagturo, magulang, at opisyal ng paaralan ay nagtutulungan sa pagtuturo at pangangasiwa. Sila ay nakakaramdam ng suporta, pagmamahal, at pagkalinga—mga bagay na nagsisilbing sandigan upang umiwas sa bisyo.

Sa kabuuan, ang Tinig ng Edukasyon Kontra Bisyo ay isang makapangyarihang pwersa. Nahuhubog ang magandang kinabukasan, naliliwanagan ang isipan ng mga kabataan, at ginagabayan ang kanilang mga damdamin. Tinutulungan ng edukasyon ang mas maraming kabataan na matutong labanan ang tukso, manindigan sa tama, at

magtiyaga sa buhay. Sapagkat sa edukasyon, may lakas. Sa edukasyon, may direksyon.
At sa edukasyon, may kinabukasan na malayo sa bisyo.

References:

Department of Education (2021). DepEd Order No. 53, s. 2021 – Drug Prevention Education.

Dangerous Drugs Board (2020). Drug Prevention Education Program.

World Health Organization (2022). Tobacco and Youth: Preventing an Epidemic.

Republic Act No. 9165. Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002.

UNESCO (2021). Education as a Tool for Youth Empowerment and Risk Prevention.